*Information for your Parish Newsletter*

# *Kaalaman para sa Pahayagang Palihan sa Parokya*

### Sunday 12 October – Next week is World Mission Sunday

### Linggo ika-12 ng Oktubre – Sa susunod na lingo ay Linggo ng Pandaigdigang Misyon

Every parish across the world will celebrate World Mission Sunday next week in a global sign of the Church's solidarity in mission. Our prayers and donations will help to support churches, hospitals, schools and vocations in countries where the Church is new, young or poor. It is our chance to help Catholic communities throughout the world to become self-sufficient and to flourish according to their own needs and traditions. By sharing the gift of faith we can bring hope and love to those who need it most. You will be able to Gift Aid all donations by using the envelopes provided.

Sa susunod na linggo, lahat ng mga parokya sa buong mundo ay magdiriwang ng Linggo ng Pandaigdigang Misyon sa makamundong palatandaan ng pagkakaisa ng simbahan sa misyon. Ang mga panalangin at donasyon ay makakatulong sa pagtaguyod ng mga simbahan, ospital, paaralan at bokasyon sa mga bansang may simbahan na baguhan, nagsisimula pa lamang o mahirap. Pagkakataon natin itong tumulong sa mga sambayanang Katoliko sa lahat ng dako sa mundo para maging ganap at malago ito ayon sa kanilang sariling mga pangangailangan at tradisyon. Sa pamamagitan ng pagbahagi ng mga kaloob sa pananampalataya, tayo ay maaring makapagbigay ng pag-asa at pagmamahal sa mga taong lubos na nangangailangan nito.
M aari rin ninyong ilagay sa Gift Aid ang inyong mga donasyon sa pamamagitan ng mga sobreng pinamigay.

### Sunday 19 October – World Mission Sunday

### Linggo ika-19 ng Oktubre – Linggo ng Pandaigdigang Misyon

Today, every Catholic community and parish throughout the world takes part in World Mission Sunday in a global effort to bring spiritual and material help to our brothers and sisters who are thirsting for the hope and love that comes through knowing Jesus. Today is very special; the whole Church unites in one great act of love for those parts of the world where the young Church needs our help, enabling it to grow strong and vibrant. Your kindness will help all missionaries across the world! Please contribute to the second collection today; the money will go directly to those most in need.
If possible, please use the Gift Aid envelopes provided, which will increase the value of your donation by 28%.

Ngayon, bawa't sambayanang Katoliko at parokya sa lahat ng dako sa mundo ay nakikiisa sa Linggo ng Pandaigdigang Misyon sa makamundong pagsisikap para maghatid ng espirituwal at materyal na tulong sa ating mga kapatid na uhaw sa pag-asa at pagmamahal na nagmumula sa pagkakakilala ni Jesus. Ngayon ay katangi-tangi; ang buong simbahan ay nagkaisa sa yugto ng matinding pagmamahalan para sa lahat ng dako ng mundo kung saan ang nagsisimulang simbahan ay nangailangan ng ating tulong, upang ito ay maging ganap na matatag at masigasig. Ang inyong kagandahang-loob ay makakatulong sa lahat ng misyonaryo sa buong mundo! Kung ipahintulot ninyo na magbigay sa ikalawang koleksyon; ang pera ay mapupunta deretso sa mga taong higit na nangangailangan.
Kung maaari, gamitin ang pinamigay na sobre ng Gift Aid, na higit na makadagdag sa inyong donasyon ng 28 porsiyento.

### Sunday 26 October – Thank you

### Linggo ika-26 ng Oktubre – Pasasalamat

Thank you very much for your generous support of World Mission Sunday last week. Your prayers and donations will make a huge contribution to the growth of our Church and to the well-being of the poorest. Please pray for all those working in the overseas mission of the Church that they may remain courageous in bearing witness to Christ's message and His love for everyone, especially for those who are the most vulnerable.

Maraming salamat sa inyong kabutihang loob sa pagsuporta sa Linggo ng Pandaigdigang Misyon noong nakaraang linggo. Ang inyong mga panalangin at donasyon ay makakapagbigay ng malaking kontribusyon sa paglago ng ating simbahan at sa kapakanan ng mga mahihirap. Ipagdasal sana natin ang lahat ng mga taong nagtatrabaho sa misyon ng simbahan sa ibang bansa na sana'y manatiling matapang sa pagiging saksi ng mensahe ni Kristo at ng kanyang pagmamahal para sa lahat, lalo na sa mga mahina ang kalooban.